ACTIVITY

A. Ang Diyos ang lumikha ng lahat. Lahat ng Kanyang nilikha ay nagbigay kasiyahan sa Kanya. Pumili ng isa o dalawang bagay na nilikha ng Diyos sa bawat araw at iguhit ito sa space na nilaan sa ibaba. Kulayan ito matapos iguhit.

Ang Diyos ang lumikha sa tao. Sinabi Niya kay Adan na sila (ang tao) ang mamamahala sa lahat ng nilikha Niya. Ang ibig sabihin ng pamamahala ay pag-aalaga at pagpapaunlad. Ang lahat ng may buhay (halaman at hayop) at walang buhay (dagat at lupa) ay dapat alagaan at paunlarin. Ang sinabing ito ng Diyos ay dapat na isinasagawa natin hanggang ngayon.



B. Basahin ang mga pangungusap. Lagyan ng smiley face ang box kung ang gawaing nabanggit ay nagpapakita ng tamang pamamahala ng nilikha ng Diyos. Sad face naman kung hindi.

☐ Magtapon mga hindi nabubulok na bagay sa lupa gaya ng plastic at styrofoam.

☐ Pitasin ang mga bulaklak at dahon ng halaman na nadadaanan o kahit walang paggagamitan.

☐ Isilid sa bag o bulsa ang candy wrapper o anumang papel na patapon kung walang makita na basurahan.

☐ Magtipid sa paggamit ng tubig. Huwag hayaang tuloy-tuloy ang tulo ng tubig kung hindi naman ito ginagamit.

☐ Hayaang nakabukas ang ilaw o tv kahit hindi ito ginagamit.

C. Guhitan ng star ang larawan ng kapaligiran na nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos.



Ang mga batang tulad natin ay dapat na isinasagawa ang pag-aalaga at pagpapayaman ng mga nilikha ng Diyos. Huwag nating isipin na tayo ay bata pa at walang magagawa. Ang pagwawalis ng kalat sa ating mga tahanan at bakuran, maging ang tamang pagtatapon ng basura ay mga simpleng paraan ng pangangalaga ng mga nilikha ng Diyos

D. **Memory Verse**

Inilagay ng Panginoong Diyos ang tao sa halamanan ng Eden upang ito ay pagyamanin at pangalagaan. Genesis 2:15